ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVI Blg. 11
Hunyo 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Paigtingin ang mga pakikibaka laban sa pahirap at traydor na rehimeng Marcos


Patuloy na lumalalim at lumalala ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino dahil sa mga programa at patakaran ng rehimeng Marcos na kontra-mahirap, kontra-mamamayan at pabor sa malalaking kapitalistang dayuhan at mga lokal nilang ahente, mga panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Nagpapakasasa ang pamilyang Marcos, mga kroni at alipures sa pondo at pribilehiyo ng gubyerno, habagn sumasadsad ang buhay ng mayorya ng mga Pilipino. Kayod-kalabaw ang mga manggagawa at masang anakpawis. Kulang na kulang ang sahod at sweldo sa harap ng patuloy na pagsirit ng presyo at mga singilin. Milyun-milyon ang walang trabaho. Kakarampot na kinikitang dumadaplis lamang sa palad ng masang nagdarahop. Paparami ang kumakapit sa patalim para lamang may maipakain sa kanilang mga anak.

Suklam na suklam ang mamamayan sa rehimeng Marcos sa kawalan nito ng malasakit sa masang sadlak sa paghihirap, at sa pagpapalala nito ng krisis sa kabuhayan at paghihirap ng taumbayan. Nagtetengang-kawali si Marcos sa malawak na mga panawagan ng mamamayan. Binabalewala niya ang sigaw ng malawak na masa para sa nakabubuhay na sahod at sweldo, trabaho, tunay na reporma sa lupa, karapatan sa katubigan, pagpapalaki ng badyet para sa libreng serbisyong panlipunan at para palawakin ang lokal na produksyon, at iba pang mahigpit na kahingian.

Sa halip, abala si Marcos sa mga pakitang-taong palabas na walang hatid na ginhawa sa taumbayan, tulad ng malaking drama ng pagbalasa sa gabinete (na tatatlo lamang naman ang pinalitan), pamamarali sa ₱20 kada kilong bigas (na bukod sa iilan lang ang nakinabang ay panandalian pa), libreng sakay sa LRT (na apat na araw lamang) at kung anu-anong pang hungkag na gimik. Para bilugin ang ulo ng mamamayan, naglalabas si Marcos at mga upisyal niya ng mga estadistika para pagtakpan ang patuloy na paglala ng krisis sa ekonomya, pagtaas sa presyo ng mga bilihin, at lalong pagkasadlak sa kahirapan ng milyun-milyong Pilipino.

Sagad-sagaran ang pagyurak ng rehimeng Marcos sa karapatan at kabuhayan ng masang anakpawis. Para akitin ang mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan, pinapako ni Marcos ang sahod ng mga manggagawa upang pagsamantalahan ang kanilang murang lakas-paggawa. Sa kanayunan, ginagamit ni Marcos ang pasistang militar para bigyang-daan ang malawakang pangangamkam ng lupa para sa mga plantasyon at operasyong pagmimina, na nagpapalayas sa daan-daan libong magsasaka at mga katutubong mamamayan sa kanilang lupa. Inaagawan ng kabuhayan ang mamamalakaya, mga drayber ng dyip, at iba pang maliliit na naghahanapbuhay. Sa ngalan ng pagtitipid, balak ni Marcos bawasan ang kawani ng pamahalaan na lalong magpapasama sa serbisyong pampubliko.



Pahirap na sa bayan, patuloy pang inilalagay ni Marcos sa panganib ang kaligtasan ng bansa, dahil sa bulag niyang pagsunod sa mga dikta ng kanyang imperyalistang among US. Nagpapakakasangkapan si Marcos

sa Indo-Pacific Strategy ng US para palibutan at sagkaan ang paglakas ng China. Parami nang parami ang mga base militar at pasilidad ng US sa Pilipinas para mag-istasyon ng libu-libong tropang Amerikano sa iba't ibang panig bansa. Ipinakakaladkad ni Marcos ang Pilipinas sa digmaang gustong pasiklabin ng US, sa walang patlang na pagdaraos ng mga pagsasanay at paghahanda sa gera, at pag-iimbak ng parami nang paraming malalakas na sandatang pandigma ng US na inaasinta sa karibal nitong China.

Dahil sa pagpapahirap at pagtatraydor sa bayan, lalong nahihiwalay ang naghaharing rehimen sa sambayanang Pilipino. Iwinawasiwas ni Marcos ang Memorandum Circular No 83 para buong-lupit na ihasik ang pasistang lagim para supilin ang paglaban ng bayan. Subalit hindi mapipigilan ni Marcos ang pagsulong ng militanteng kilusang masa dahil nasa likod nito ang laksang mamamayan determinadong wakasan ang gutom at pagkasupil.

Kinokonsolida ni Marcos ang kanyang poder sa paghirang ng mahigit 200 heneral sa AFP at pagtatalaka ng mga bagong tauhan sa mga kumpanyang hawak ng gubyerno, habang niyuyugyog ito ng pampulitikang krisis sa harap ng nagpapatuloy at tumitinding bangayan ng mga nagriribalang pangkatin.

Sa hangaring mapanatili sa poder ang kanilang pamilya, nais ni Marcos na tuluyang durugin ang mga Duterte upang sagkaan ang balak ng kanyang karibal na makapanumbalik sa poder sa 2028. Subalit mistulang pinaglalaruan niya ang mamamayan sa pag-uurong-sulong ng kanyang mga alipures sa Senado ang paglilitis ng kasong *impeachment* kontra kay Vice President Sara Duterte, pahiwatig ng pag-aaregluhan ng mga bulok na reaksyunaryong pangkatin. Mabilis na kumakalat ang apoy ng galit ng taumbayan sa mga tangkang pigilan ang paglilitis at panagutin si Sara Duterte sa paglulustay ng pera ng bayan at iba pang mabibigat na kasalanan sa mamamayan.

Walang ihahatid na ginhawa ang burukratang kapitalista, pasista at papet na rehimeng Marcos sa buhay ng sambayanang Pilipino. Sa gitna ng tumatalim na krisis, walang ibang mapagpipilian ang masang hirap at api kundi ang makibaka. Itinutulak ng sitwasyon ang mga manggagawa, magsasaka, mala-proletaryado at iba pang aping uri at sektor na magbuklod upang ipaglaban ang kanilang mga kabuhayan at mga demokratikong karapatan, at ituon ang kanilang galit at protesta sa rehimeng Marcos, sa imperyalismong US at mga pasistang galamay nito.

Sa mga pabrika, paaralan, sa mga pamayanan, sa iba't ibang bayan at prubinsya, tukuyin ang kagyat na mga suliranin at panawagan ng masa. Sa batayan nito, buuin ang solidong lakas ng masa sa anyo ng mga unyon at mga samahan, at itaas ang kanilang kamulatan. Magmartsa o magrali para ipamalas ang malawakan nilang pagkakaisa at paalingawngawin ang kanilang sigaw. Palakasin o itayo ang mga sangay ng Partido at mga lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa upang magsilbing bakal na gulugod ng malawak na masa. Gabayan sila sa kanilang mga pakikibaka at iangat ang mga iyon sa paglaban sa naghaharing rehimeng Marcos.

Dapat magpunyagi sa pagpapalakas at pagpapalawak ng Bagong Hukbong Bayan bilang sandata ng sambayanan para ganap na wakasan ang sistemang umaapi at nagsasamantala sa kanila. Rekrutin ang pinakamaraming manggagawa, magsasaka, mala-proletaryado, mangingisda, mga petiburges na intelektwal para magsilbing mga Pulang mandirigma at mga kumander ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa harap ng todong kalupitan at brutalidad ng naghaharing rehimen, matibay ang paninindigan ng BHB na ipaglaban ang kabutihan at karapatan ng masa, at ang kanilang makatarungan at pangmatagalan hangarin at interes. Hindi nalilinlang ni Marcos ang mga rebolusyonaryong pwersa kahit pa magsuot ng maskarang "kapayapaan" para itago ang pasistang pangil. Mahigpit na tatanganan ng mga Pulang mandirigma ang kanilang mga armas. Handa silang lumaban para sa bayan hanggang may dugong ititigis. Determinado nilang isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 11 | Hunyo 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Paigtingin ang mga pakikibaka laban sa pahirap at traydor na rehimeng Marcos 1
Ika-4 na teoretikal na kumperensya ng NDFP 3
Laban ng manggagawa, drayber at maralita 4
Panliligalig ng militar sa mga komunidad 5
OP-OD, isinagawa 5
Pagtugis ng rehimeng Trump sa mga imigrante 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
Pribatisasyon ng CBK Hydroelectric Plant 8
3 *war games* ng US sa Pilipinas, idinaos 8
Ka Basavaraju, bayani ng rebolusyong Indian 9
Operation Gideon's Chariot ng Israel sa Palestine 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Teoretikal na kumperensya hinggil sa kumprador at burukratang kapitalismo

Nagtipon sa Nairobi, Kenya sa Africa noong Mayo 23-24 ang 110 indibidwal na kumakatawan sa 28 partidong proletaryo-sosyalista, pormasyong anti-imperyalista, organisasyon sa pananaliksik, at progresibong kilusan ng mamamayan mula sa 20 bansa sa limang kontinente para sa isang teoretikal na kumperensya. Sa pangunguna ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Communist Party Marxist Kenya (CPMK), naging matagumpay ang kumperensya na nagtatalakay sa burukrata at kumprador na kapitalismo sa mga neokolonya.



Ang kumperensya, na pinamagatang Pandaigdigang Kumperensyang Teoretikal Hinggil sa Kumprador at Burukratang Kapitalismo sa mga Neokolonya, ang ika-apat sa serye ng mga kumperensyang inilunsad ng NDFP na tumatalakay sa mahahalagang usapin sa teorya. Ito ang unang kumperensyang idinaos sa Africa. Tinalakay sa kumperensya ang 21 artikulo na inakda ng mga komunista at proletaryo-sosyalistang partido, at mga anti-imperyalistang organisasyong namumuno sa kilusang mapagpalaya sa Congo, Cyprus, Guatemala, Indonesia, Iraq, Ireland, Kenya, Kurdistan, Nepal, Pakistan, Palestine, Pilipinas, Sudan, South Sudan, Turkey, Uganda, at Zambia.

Ang dalawang araw na kumperensya ay nagsilbing pagkakataon para sa paglalahad ng Marxist-Leninistang pagsusuri sa umiiral na moda ng produksyon sa iba't ibang bansa. Partikular na sinuri dito ang istorikal na pag-unlad ng mga neokolonyal na lipunan sa ilalim ng kontrol ng imperyalismo.

Sinuri ng mga delegado ng kumperensya ang materyal na ugat ng burukratang kapitalismo at kapitalismong kumprador, batay sa mga sulatin nina Lenin at Mao hinggil sa malakolonyal at malapyudal na paghahari, gayundin ang mga pakana at hakbang ng imperyalismong US para mapanatili ang kontrol sa mga neokolonya.

Pinag-aralan din ang papel ng iba't ibang uri sa mga neokolonya bilang mga lokal na ahente ng pandarambong sa ekonomya, at pagsusunud-sunuran sa pulitika at militar sa ngalan ng interes ng imperyalismo. Lumahok ang mga delegado sa malalim na talakayan para magpalalim at makipagpalitan ng pagsusuri sa mga kundisyong nag-anak sa mga istrukturang panlipunang malakolonyal at malapyudal sa kani-kanilang mga bansa.

Tinalakay din ang mga praktikal na usapin na may kaugnayan sa rebolusyonaryong gawain at pagsusulong ng mga kilusang bayan, lalo na sa konteksto ng burukratang kapitalismo. Sinuri ng mga kalahok ang mga estratehiya para sa pag-oorganisa ng mga partikular na uri ng lipunan, tulad ng malaproletaryado, at pinag-aralan kung paano hinuhubog ng lumalalang pandaigdigang krisis at lumalalim na imperyalistang agresyon ang pag-unlad ng mga pwersang rebolusyonaryo, at ng mas malawak na kilusang Kaliwa sa kanilang mga bansa at rehiyon.

Ang artikulong ibinahagi mula sa Pilipinas ay inakda ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas. Binaybay ng artikulo ang kasaysayan ng pag-usbong ng kumprador at burukratang kapitalismo sa bansa na resulta ng paghahari ng imperyalismong US sa pamamagitan ng ahente nito sa ekonomya at pulitika. Ipinaliwanag rin dito ang papel ng kumprador at burukratang kapitalista para panatilihin ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Sa pagtatapos ng kumperensya, nagpahayag ng pakikiisa ang mga delegado sa ipinagdiwang na African Liberation Day noong Mayo 25 bilang paggunita sa pagtatag sa Organization of African Unity, na kalauna'y naging African Union. Itinatag ang OAU para isulong ang pagkakaisa at pagtutulungan ng anti-kolonyal na mga kilusang mapagpalaya at bagong usbong na mga independyenteng gubyerno sa 30 bansang African noong dekada 1960.

Minarkahan nila ito bilang bahagi ng komun na pakikibaka ng inaaping mga mamamayan laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Pinagtibay ng kumperensya ang pakikiisa ng mga pwersang anti-imperyalista at proletaryo-sosyalista sa nagpapatuloy na kahalagahan ng mga kilusang mapagpalaya sa Africa na bahagi ng mas masaklaw na mga pakikibaka para sa sariling pagpapasya at sosyalismo. AB

Laban ng manggagawa, drayber at maralita para sa kabuhayan at tirahan

Sa harap ng tumitinding krisis sa ekonomya at malawakang pagwasak sa kabuhayan ng masang anakpawis, patuloy na tumitindig ang mga manggagawa at maralitang-lunsod. Lumalaban sila sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga piket, welga, tigil-pasada at barikadang bayan.

Welga sa Kawasaki. Nagwelga ang 140 manggagawa ng Kawasaki Motors Phils. Corporation (KMPC) sa pangunguna ng Kawasaki United Labor Union noong Mayo 21 dahil sa hindi pag-usad ng negosasyon sa *collective bargaining agreement* (CBA) sa pagitan ng pamunuan at unyon. Nakatirik ang piketlayn ng unyon sa harap ng hedkwarters ng kumpanya sa Muntinlupa City. Nananawagan sila ng nakabubuhay na sahod, makatarungang benepisyo at pagkilala sa karapatan ng mga manggagawa.

Laban ng mga drayber sa Lucena City. Halos dalawang buwan nang nakawelga ang mga drayber at manggagawa ng FOC Transportation Corporation sa terminal nito sa Barangay Comon, Infanta, Quezon. Ang mga bus ay bumabyahe sa rutang Infanta-Lucena City. Ipinutok ang welga dahil sa pagkakait sa makatarungang *separation pay* at hindi pagharap ng kumpanya sa negosasyon. Sa halip na tugunan ang hinaing ng mga manggagawa, sinampahan ng kasong *grave coercion* at *illegal strike* ang mga manggagawa ng kumpanya at organisador ng pederasyon ng unyon.

₱1,200 nakabubuhay na sahod. Nagpiket ang mga manggagawa mula sa National Capital Region (NCR) sa pangunguna ng Unity for Wage Increase Now sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board-NCR kasabay ng pagsasampa ng petisyon para sa ₱1,200 nakabubuhay na sahod noong Mayo 22. Itinaon nila ang pagkilos at pagsumite sa ipinatawag na konsultasyon sa sahod ng RTWPB NCR.

Noong Hunyo 2, nagpiket ang mga manggagawa sa harap ng Kongreso para igiit ang pagpasa ng panukalang ₱200 dagdag-sahod para sa lahat ng manggagawa sa pambansang saklaw. Dalawang araw makalipas nito, ipinasa ng Kongreso ang naturang panukala sa ikatlong pagdinig. Anila, bagaman napakalayo pa rin ng dagdag na ₱200 sa ₱1,200 na nakabubuhay na sahod, dapat na itong kagyat na maaprubahan at pirmahan ni Ferdinand Marcos Jr.

NCAP at *jeepney phaseout*, ibasura. Noong Hunyo 2, nagkaraban ang Stop NCAP Coaltion sa mga mayor na daan sa Metro Manila at nagtipon sa harap ng upisina ng MMDA sa EDSA-Ortigas para ipabasura ang No-Contact Apprehension Policy (NCAP). Ayon sa koalisyon, ang NCAP ay iligal, kontra-mahirap, at hindi dumaan sa tamang proseso. Una nang kinwestyon ng mga eksperto sa batas at grupo sa karapatang-tao ang patakaran, laluna kaugnay sa batayang pang-konstitusyon at mga proseso nito.



Nagtigil-pasada at nagprotesta ang mga tsuper at opereytor ng dyip sa Panay at Negros para ipabasura ang Public Transportation Modernization Program (PTMP) at Local Public Transport Route Plan (LPTRP) noong Hunyo 5 at Mayo 30. Bahagi ito ng linggo ng protesta na inilunsad ng Piston mula Hunyo 2 hanggang Hunyo 6.

Barikada sa Mayhaligue, Tondo. Nabigo ng pagkakaisa at barikada ng mga residente ng Mayhaligue Street sa Barangay 262 at 264 sa Zone 24, Tondo, Manila ang demolisyon na inilunsad ng mga pwersa ng estado noong Mayo 26. Apat ang iligal na inaresto ng mga pulis sa komprontasyon. Mahigit 400 na pamilya o halos 2,000 indibidwal ang mawawalan ng tahanan sa planong demolisyon at pang-aangkin ng kumpanyang 2288 Ethan Realty Corporation. Pansamantalang ipinatigil ng isang korte sa Maynila ang demolisyon kasunod ng pagkatig sa petisyon para sa *temporary restraining order* (TRO) noong Mayo 27.

Demolisyon sa Davao City. Hindi bababa sa 400 pamilya ang napalayas sa isinagawang demolisyon ng 500-kataong pwersa na kinabibilangan ng 300 pulis, sa Upper Arroyo, Barangay Matina Crossing, Davao City noong Mayo 23. Umabot sa 80 bahay ang giniba sa demolisyon kung saan apektado ang 60 matatanda at hindi bababa sa 200 bata. Isang atas ng korte ang ginamit para isagawa ang demolisyon ngunit para lamang ito sa pitong kabahayan sa naturang distrito. Pansamantalang napatigil ang demolisyon sa bisa ng TRO na nakuha ng mga residente noong Mayo 24. AB

Panliligalig ng militar sa mga komunidad, nakamamatay sa mga sibilyan

Dalawang sibilyan sa Negros ang naiulat na namatay dahil sa panliligalig ng militar sa kanilang mga komunidad noong Mayo. Samantala, tuluy-tuloy ang pang-aabuso ng mga sundalo sa Albay, Masbate, Bohol at Metro Manila.

Sa Negros Occidental, naiulat na namatay ang ginang na si Lolita Reman sa Sityo Toril, Barangay Bandila, Toboso noong Mayo 20, bunga ng labis na takot at troma sa mga operasyon ng 79th IB sa lugar. Nireyd at niransak ng mga sundalo ng 79th IB ang bahay na pag-aari ng pamilyang Mahusay kung nasaan ang ginang.

Ganitong insidente rin ang naganap sa Barangay Minapasok, Calatrava. Inatake ng *stroke* ang magsasakang si Boyet de Asis noong Mayo 23 dahil sa pagbabanta sa kanya ng pitong sundalo ng 79th IB at mga traydor na sina Marlon Basalo (Elan) at alyas Jonel/Mike sa Sityo Kapanuya.

Noong Mayo 31, sapilitang pinasok at niransak ng mga sundalo ng 79th IB ang bahay ng mag-asawang Alejandro at Maricel Villamero sa Sityo Manaysay, Barangay Cambayobo, Calatrava. Ninakaw ng mga sundalo ang mahigit ₱7,000 matagal na pinag-ipunang pera ng mag-asawa.

Sa Masbate, ipinailalim sa malupit na interogasyon ng mga sundalo ng 96th MICO ang 12 sibilyan mula sa Uson, Masbate noong huling linggo ng Mayo. Pilit silang pinaaamin na mayroon silang kaugnayan sa BHB. Lumala ang sakit ng isa sa mga biktima matapos ang interogasyon at hirap itong magsalita matapos atakehin ng sakit sa puso at *diabetes* dahil sa takot at troma.

Sa Negros Oriental, pinuntahan ng mga sundalo ang bahay ng magsasakang si Alan Garde sa Barangay Sandayao, Guihulngan City noong Mayo 15. Pilit pinaaamin si Garde na may kaugnayan at sumusuporta siya sa BHB. Sa araw ding iyon, pinasok ng mga sundalo ang bahay ni Rocky Fat at niransak ng mga sundalo. Pinalabas ng mga sundalo na mayroong nakumpiskang armas mula sa kanya at tinangkang dakipin ngunit nanindigan ang kanyang pamilya laban dito.

Simula Mayo 3, ipinalialim ng 83rd IB sa mala-batas militar na paghahari ang tatlong barangay sa Caramoan, Camarines Sur. Hinaras, pinagbantaan at pinaratangan ang mga residente ng komunidad, partikular ang anim na indibidwal, na mga kamag-anak o tagasuporta sa BHB. Ang ilan sa mga biktima ay pinipilit ng militar na ilabas at "isuko" ang kanilang mga asawa na pinararatangang Pulang mandirigma. Ilang beses ring sapilitang pinasok ang bahay ng mga residente at iligal na kinukunan sila ng litrato ng mga sundalo.

Sa Northern Samar, ipinailalim sa hamlet ng AFP ang mga barangay sa Catubig, Las Navas, Gamay, Mapanas at Palapag simula noong Hunyo 4. Ipinataw ito ng militar kasunod ng sinasabing engkwentro ng AFP sa BHB noong araw na iyon sa Barangay Nagoocan, Catubig. Pinagbabawalang lumabas ng baryo ang mga residente kahit pa sa sariling bukid, katabing baryo, o sa bayan lamang sila pupunta. Bago nito, laganap ang pamimilit ng militar sa mga residente sa bayan ng Palapag na "pasukuin" ang kanilang mga kaanak na pinararatangang mandirigma ng BHB.

Pang-aaresto at pagsampa ng gawa-gawang kaso. Inaresto sa kasong *illegal possession of firearms and explosives* at pinaratangang myembro ng BHB si "Ruben", 47, manggagawa sa konstruksyon at residente ng Barangay Namantao, Daraga, Albay. Dinukot siya ng mga elemento ng 31st IB sa kanyang bahay noong Mayo 23 at dinala sa isang bakanteng bahay. Nagpaputok ng baril ang mga sundalo para palabasing nagkaroon ng engkwentro.

Sa Bohol, nagpakalat ng pekeng balita at impormasyon ang CIDG noong Mayo 23 laban kay Carmilo Tabada, konsehal sa isang barangay sa bayan ng Trinidad. Pinaratangan siyang upisyal sa pinansya ng PKP at sinasabing inaresto dahil sa kasong "terrorism financing." Inilinaw ni Tabada na siya mismo ang lumapit sa korte at nagpyansa kaugnay ng kaso. AB

OP-OD, isinagawa ng mga grupong rebolusyonaryo

ILANG ARAW BAGO at pagkatapos ng reaksyunaryong eleksyon noong Mayo 12, nagsagawa ng operasyon pinta-operasyon dikit (OP-OD) ang iba't ibang organisasyong alyado ng National Democratic Front (NDF) para ilantad ang kabulukan nito. Pangunahing mensahe sa mga OP-OD ang pagtatampok na ang rebolusyon ang tunay na solusyon na siyang maghahatid ng tunay pagbabagong panlipunan sa bansa, hindi ang reaksyunaryong eleksyon.

Litaw na litaw ang elektronikong pandaraya at iba pang tipo ng anomalya para pumabor sa mga kinatawan ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at ng imperyalistang US. Lalong nalantad ng katatapos na eleksyon ang pagkabangkarote at pagiging huwad ng naturang "demokratikong proseso."

Nanawagan sila sa mamamayan na tumungo sa kanayunan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at isulong ang digmang bayan.

Inilunsad ang mga aktibidad ng Kabataang Makabayan, Artista at Manunulat ng Sambayanan, Liga ng Agham para sa Bayan, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa at panrehiyong balangay ng NDF. Isinagawa nila ito sa Polytechnic University of the Philippines-Sta. Mesa, University of the Philippines (UP)-Los Baños, UP Manila, sa mga kalye ng Maynila, Baguio City, Rizal at Quezon.

Pagdurusa ng mga Pilipino sa pagtugis ng rehimeng Trump sa mga imigrante

MULA NANG MULING maupo si Donald Trump bilang presidente ng US nitong Enero, walang awat ang malawakang pag-atake, panunugis, sapilitan at arbitraryong pagpapalayas o deportasyon sa mga manggagawang imigrante sa US. Mula Enero hangang Mayo ay umabot na ng lagpas 271,000 na mga imigrante ang pinadeport na administrasyon habang hindi bababa 49,184 na imigrante ang kasalukuyang nakadetine sa iba't ibang pasilidad ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa US.

Ayon sa embahada ng Pilipinas at batay sa mga kasong hawak ng Tanggol Migrante, tinatayang hindi bababa sa 30 Pilipinong imigrante ang naiulat na napadeport ngayong taon. Hindi makuha ang eksaktong bilang ng nakadetine o nadeport ng ICE dahil wala itong inilalathalang impormasyon.

Nasa 150,000–370,000 ang Pilipinong walang dokumento o iligal na naninirahan sa US.

Ayon sa Bayan USA, hindi sapat ang ginagawang aksyon ng embahada ng Pilipinas sa US at mga konsulado nito para sa mga Pilipinong imigranteng nakakulong at nakatakdang pauwiin. Labis ang kanilang kapabayaan at kawalang pakialam sa mga Pilipinong imigrante na naghahanap ng tulong. Kahit ang ayudang Assistance to the Nationals Fund ng embahada ay ipinagkait sa mga nangangailangan.

Sa harap ng kapabayaan ng rehimeng US-Marcos, patuloy ang pagkakampanya at pag-oorganisa ng mga organisasyon sa US sa pangunguna ng Tanggol Migrante, mga alyadong organisasyon, at mga Pilipino sa komunidad. Naglunsad sila ng iba't ibang aktibidad tulad ng *press conference*, rali, pagdalaw sa mga nakadetine, pagpapadala ng sulat sa mga hukuman at pagkalap ng donasyon para sa agarang pagpapalaya sa mga idenitine at pagtulong sa kanilang mga pamilya.

Dahil sa sama-samang pagkilos ng mga mamamayan sa US, nagawa nilang mapalaya si Michelle (hindi tunay na pangalan) noong Abril 30 at si Lewelyn Dixon noong Mayo 29, parehong idenitine sa NorthWest ICE Detention Center (NWDC) sa Tacoma, Washington.

Kasalukuyan pa ring nakadetine sina Maximo Londorio, Rodante Rivera, Ligaya Jensen at Alma Bowman, na mga residente ng US na ilang dekada nang naninirahan dito.

Nanawagan naman ang mga demokratikong organisasyon sa US ng kagyat na aksyon mula sa gubyerno ng Pilipinas. Anila, dapat nitong bigyan ng sapat na suporta ang lahat ng imigrante, kabilang ang nahaharap sa deportasyon, *trafficking* o pagnanakaw ng sahod. Nanawagan rin sila kay Ambassador Jose Manuel Romualdez na bumaba na lamang sa pwesto kung hindi niya kayang gampanan ang kanyang trabaho na ipagtanggol ang mga Pilipino sa US.



Litisin si Sara Duterte. Nagprotesta sa Senado sa Pasay City ang mga progresibong grupo noong Hunyo 3 para manawagang simulan na ang sadyang inantalang paglilitis sa kasong *impeachment* ni Vice President Sara Duterte. Binatikos nila ang pag-antala gamit ang maraming palusot ng Senado para simulan ito. Noong Pebrero pa naisumite ng House of Representatives ang mga artikulo ng *impeachment*.

Kabi-kabila na rin ang pagbatikos sa Senado dahil sa paglabag nito maging sa Konstitusyong 1987 dahil sa pag-antala sa paglilitis. Isa na rito ang mga propesor ng University of the Philippines College of Law. Samantala, nakatakdang maglunsad ng malawakang protesta sa Hunyo 11, araw ng pagdinig ng Senado sa *impeachment*, ang iba't ibang mga grupo sa pangunguna ng Taumbayan Ayaw sa Magnanakaw at Abusado Network Alliance (TAMA NA).

Laban, mangingisda. Naglunsad ng *fluvial parade* o parada ng mga bangka ang Pamalakaya at Save Laguna Lake Movement sa Muntinlupa City noong Mayo 31, pambansang araw ng mga mangingisda, upang ipanawagan ang pagbabasura sa mapangwasak na Laguna Lake Roadshore Network Project at 2,000-ektaryang *floating solar power project* sa Laguna de Bay.

Noong Mayo 30, sama-samang nagmartsa ang ilandaang mangingisda, mga tagasuporta at tagapagtaguyod ng kalikasan patungo sa Mendiola sa Maynila. Nanawagan sila ng pagtatanggol sa karapatan ng mga mangingisda, pagtutol sa reklamasyon, at pagbawi sa hatol ng Korte Suprema hinggil sa 15-kilometrong *municipal waters*.

Hustisya para kay Junver. Nagtirik ng mga kandila ang mga estudyante ng University of Santo Tomas sa kampus nito sa Maynila noong Mayo 29 bilang panawagan ng hustisya sa pagkamatay ni Junver Toledo, 22, kapwa nila mag-aaral. Naiulat ang pagpapakamatay ni Toledo, isang estudyante sa UST College of Rehabilitation Sciences noong Mayo 17 dahil sa presyur sa pag-aaral.

Palayain ang mga bilanggong pulitikal. Naglunsad ng piket-protesta ang Karapatan-National Capital Region sa harap ng Quezon City Hall of Justice noong Mayo 20. Panawagan nilang kaagad na palayain at ibasura ang mga kasong *illegal possession of firearms and explosives* laban sa mga unyonistang sina Mark Ryan Cruz, Romina Astudillo, at Jaymie Gregorio, na bahagi ng Human Rights Day 7. Nakatakda ang pagdinig sa araw na iyon ngunit hindi sumipot ang tagalitis dahil "nagbabakasyon" diumano ito kaya inilipat ang pagdinig sa Agosto.

SA MADALING SALITA

71 sa 82

prubinsya ay nananatiling kontrolado ng mga **dinastiya sa pulitika** matapos ang 2025 eleksyon, tulad lamang bago ang eleksyon.

3 kalihim

lamang ang **sinipa ni Marcos Jr** sa kanyang gabinete matapos ang pakitang-taong pagpapabitiw niya sa buong gabinete para tugunan diumano ang hiyaw ng mamamayan para sa pagbabago.



25,000MT

sariwang isda ang pinahintulutang iangkat sa pagdadahilang sarado ng 3 buwan mula Hunyo 1 ang *fishing season* sa **Davao Gulf** at ibang pangisdaan.



30%

o hanggang ₱600M/buwan ang nalulugi sa mga negosyo sa **Tacloban City** habang nakapataw ang mga restriksyon sa pagbyahe ng malalaking trak sa **San Juanico Bridge**.



911

ang kumpirmadong kaso ng MPox (**monkeypox**) sa Pilipinas mula 2024 hanggang Hunyo 4, 2025. Hindi ito kumakalat sa hangin tulad ng Covid-19 kundi sa pamamagitan ng pagdidikit sa katawan sa isang taong may sakit na ito, o sa mga gamit na kontaminado.



1-10

sa pinakamataas ang sweldo sa gubyerno noong 2024 ay pawang upisyal ng **Bangko Sentral ng Pilipinas**; pinakamataas ang sweldo ng pinuno nitong si Eli Remolona na tumatabo ng ₱47.96M kada taon.

57/araw

bagong kaso ng **HIV** sa Pilipinas noong Enero-Marso 2025, mas mataas ng 50% sa parehong mga buwan noong 2024. **Pinakamarami sa mga kaso ay may edad na 15-25.**



70%

mas mataas ang bilang ng mga kaso ng **krimen** na kinasasangkutan ng mga **sundalong Amerikano** sa **South Korea** noong 2023 kumpara noong 2018.

Pinagkunan: 2024 Justice Yearbook, Ministry of Justice, South Korea



Pribatisasyon ng CBK Hydroelectric Plant, kinundena

Mariing binatikos ni Atty. Carlos Zarate, dating kinatawan ng Bayan Muna, ang plano ng rehimeng US-Marcos na isapribado ang Caliraya-Botocan-Kalayaan (CBK) *complex*. Aniya, magdudulot lamang ito ng lalong pagmahal ng singil sa kuryente na dagdag pasanin ng mamamayang nakaasa sa serbisyo.

"Ang gubyerno dapat ang may kontrol sa mga pangunahing serbisyo tulad ng kuryente. Sa halip na ibenta ang CBK, dapat itong gawing modelo ng *renewable energy* na magpapababa ng singil sa kuryente para sa lahat," dagdag ni Zarate.

Nakatakda ang pribatisasyon ng CBK *complex* sa katapusan ng Hunyo ngayong taon. Ayon sa Department of Finance (DOF) maaring kumita ang gubyerno ng ₱50 bilyon ($897.99 milyon) hanggang ₱100 bilyon mula sa pagsasapribado ng pasilidad.

Ang 728 *megawatt* (MW) Caliraya-Botocan-Kalayaan *hydropower complex* ang natatanging gumaganang *hydroelectric facility* na pagmamay-ari ng Pilipinas. Ito rin ang pinakalumang *hydropower plant* sa bansa.

Binubuo ang CBK *complex* ng Botocan *hydro electric power pla*nt (HEPP) na itinayo noong 1939 na may 20.8 MW na kapasidad, ng Caliraya HEPP na itinayo noong 1942 na may kapasidad na 22MW, at ng Kalayaan *pump storage power plant* na itinayo noong 1983. Nakatayo ang mga planta sa mga barangay sa Kalayaan, Lumban at Majayjay sa Laguna.

Ang *complex* ay unang pinaunlad sa ilalim ng National Power Corporation (NAPOCOR). Noong Pebrero 7, 2001, upisiyal na pinangasiwaan ng CBK Power Company Limited ang pangangasiwa sa CBK *complex* sa ilalim ng Built-Rehabilitate-Operate-Transfer *scheme* ng gubyerno ng Pilipinas sa pamamagitan ng NAPOCOR na syang matatapos pagkalipas ng 25 taon.

Noong Abril 2005, nakuha mula sa orihinal na may-ari ang CBK BROT Agreement ng dalawang Japanese na kumpanya—ang Electric Power Development Co., Ltd (J-Power) at Sumitomo Corporation. Matatapos ang kontrata nito sa Pebrero 2026.

Ang CBK complex ay isa sa tatlong natitirang malaking planta ng kuryente na pag-aari ng gubyerno. Ipinailalim ang mga ito sa Power Sector Assets and Liabilities Management Corporation (PSALM) para sa pribatisasyon ng mga pasilidad. Ang dalawa pang nakatakda na ring ibenta ay ang 932MW Agus-Pulangui *hydropower complex* sa Mindanao *grid*; at ang 210MW Mindanao *coal plant*. AB

3 *war games*, magkakasabay na idinadaos ng US sa Pilipinas

LANTARANG PAGYURAK SA soberanya ng Pilipinas ang presensya ng libu-libong sundalong Amerikano, Australian at iba pang dayuhang tropa sa teritoryo ng bansa para sa mapanulsol at malalaking *war games*. Mula Mayo, tatlo rito ang magkakasabay na inilulunsad ng US, isa sa pamamagitan ng katambal nitong hukbo ng Australia. Ang mga ito ay ang Kamandag (Mayo 26-Hunyo 6), Kasangga (Mayo 19-Hunyo 24) at Salaknib 2025 Phase 2 (Mayo 19-Hulyo 20).

Inilunsad ang Kamandag sa Batanes; sa Capas, Tarlac kung saan isinagawa ang *live-fire drills* at sa Burgos, Ilocos Norte kung saan inilunsad ang isang *maritime strike operation*. Mayroon ding mga aktibidad sa Palawan at iba pang bahagi ng Luzon at sa Tawi-tawi sa Mindanao.

Ginamit ng mga tropa ng US at Pilipinas ang Navy-Marine Expeditionary Ship Interdiction System (NMESIS) at High Mobility Artillery Rocket System o HIMARS sa Kamandag. Ang NMESIS ay isang sistema ng misayl na *anti-ship* o pampasabog ng barko. Nakakarga ito sa isang *unmanned ground vehicle* (malaking trak) na tinatawag na ROGUE Fires Carrier at may kargang Naval Strike Missile (NSM).

Kalahok sa *war games* ang 2,031 sundalo ng US Marine Corp at 2,028 pwersa na mula sa Pilpinas. Mayroon ding mga tauhang militar mula sa South Korea, Japan at United Kingdom na lumalahok sa war games. Nagsisilbi namang mga "tagamasid" ang mga tauhan mula sa France, Canada, Bahrain, Australia, Indonesia, Thailand at Netherlands.

Ang Kasangga ay binuksan sa kampo ng 4th ID sa Cagayan de Oro City at isinagawa sa Camp Kibaritan, Kalilangan, Bukidnon. Hindi bababa sa 90 sundalo mula sa Australian Army at 140 sundalo ng Philippine Army ang kalahok sa *war games*. Tatagal hanggang Hunyo 24 ang Kasangga.

Samantala, ang Salaknib ng US at Pilipinas ay kasalukuyang inilulunsad sa Northern Luzon.


Ang mga *war games* na ito ay inilulunsad sa bansa para higpitan ng US ang kontrol nito sa AFP, ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

"Tutol ang mamamayang Pilipino sa mga *war games* na ito. Dagdag sa dinadala nitong peligro sa mga Pilipino, salot pa ito sa residenteng napagkakaitan ng hanapbuhay para bigyan-daan ang mga pagsasanay," ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP.

Ang maramihan at masisinsing *war games* at ang pagpapakatuta ng AFP at ng rehimeng Marcos ang dahilan kung bakit itinuturing ng maraming bansa sa Asia ang Pilipinas bilang *proxy* ng US, ayon pa sa PKP. Hindi bulag ang mga karatig-bansa sa Asia sa pagiging sunud-sunuran ni Marcos at mga heneral nito sa direksyon at plano ng US.

Kasamang Basavaraju, bayani ng rebolusyong Indian at pandaigdigang proletaryo

Nagbigay-pugay ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) kay Kasamang Basavaraju (Nambala Keshava Rao), pangkalahatang kalihim ng Communist Party of India (Maoist), na namartir kasama ang 27 iba pa noong Mayo 21. Pinatay sila ng mga pwersa ng estado ng India sa tinaguriang Masaker sa Gundekote, sa Abhujmad sa distrito ng Narayanpur sa Chhattisgarh, India.



Nagniningning ngayon ang pangalan ni Kasamang Basavaraju sa hanay ng mga imortal na bayani ng epikong digmang bayan sa India at ng mga rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang paglaya at sosyalismo sa buong mundo. Tinanganan niya ang sulo ng armadong pakikibaka sa India at nagsilbing tanglaw sa landas ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo, lalo na sa mga nagdaang dekada ng mga kabiguan at pagkatalo ng mga pwersang sosyalista sa iba't ibang panig ng mundo.

Sino si Kasamang Basavaraju?

Ipinanganak si Kasamang Basavaraju noong 1955 sa pamilya ng mga magsasaka sa komunidad ng Jiyannapetta sa distrito ng Srikakulam, Andhra Pradesh na nasa timog silangan ng India. Nag-aral siya ng elementarya at hayskul sa kanilang distrito at tumungo sa syudad ng Warangal sa katabing estado ng Telangana para mag-aral ng inhinyeriya sa kolehiyo.

Habang nasa kolehiyo, namulat siya sa kalagayan at pakikibaka ng mamamayang Indian dahilan para lumahok siya sa kilusang estudyante. Noong dekada 1980, naging bahagi at gumampan siya ng susing tungkulin sa CPI (Marxist-Leninist) People's War. Naging kasapi siya ng komite sentral ng partido noong 1992.

Noong 2004, kabilang siya sa mga nanguna sa pagsasanib ng CPI (ML) People's War at ng Maoist Communist Centre of India (MCCI) para buuin ang CPI (Maoist). Isa siya sa mga nagtatag sa hukbong bayan ng India na People's Liberation Guerilla Army (PLGA) noong 2000. Pinamunuan niya ito sa matagal na panahon at nanguna sa maraming tagumpay sa pagbubuo ng mga rebolusyonaryong base at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pwersang pasista.

Nagsilbi siyang kasapi ng Komite Sentral sa loob ng 33 taon at ng Politburo sa loob ng 25 taon. Pinamunuan niya sa matagal na panahon ang Sentral na Komisyong Militar ng CPI (Maoist). Noong huling bahagi ng 2018, inihalal siya ng Komite Sentral bilang pangkalahatang kalihim ng CPI (Maoist) at humalili sa pamumuno ni Kasamang Ganapathy.

Panawagan para sa hustisya

Hustisya ang nagkakaisang sigaw ng mamamayang Indian at mga internasyunal na partido at organisasyon sa pagpaslang kay Kasamang Basavaraju at 27 iba pang mga kasama. Naitala sa Masaker sa Gundekote ang mga paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma.

Ayon sa ulat ng Dandakaranya Special Zonal Committee ng CPI (Maoist), ang 27 mga kasama na mga kasapi ng CPI (Maoist) at mandirigma ng PLGA ay napatay sa pagkubkob ng libu-libong militar at pulis ng reaksyunaryong estado sa kanilang kampo. Isiniwalat ng komite na matapos ang mga labanan ay buhay na nadakip si Kasamang Basavaraju at sadyang pinaslang ng mga berdugong tauhan ng rehimeng Modi.

Ang brutal na Masaker sa Gundekote ay bahagi ng teroristang kampanyang Operation Kagaar. Sinimulan ang operasyon noong Enero 2024 kung saan gumamit ng libu-libong armadong pwersa ang reaksyunaryong estado, nagtayo ng daan-daang detatsment militar at nagpatupad ng kampanya ng pagpaslang at terorismo laban pangunahin sa mga Adivasi, o katutubo ng India.

Sa kasalukuyan, tinutulak ng iba't ibang demokratikong organisasyon sa India ang imbestigasyon sa Masaker sa Gundekote. Nais nilang panagutin ang rehimeng Modi at mga upisyal militar nito sa napakatinding mga krimen.

Samantala, ipinahayag ng Komite Sentral ng PKP ang lubos na tiwala sa Komite Sentral ng CPI (Maoist) na kaagad itong pipili ng isang pinunong simpantay ang husay kay Kasamang Basavaraju upang akuin ang hinawakan niyang mga responsibilidad. Anang pamunuan, kumpyansa ito na sa pagsasama ng karunungan ng mga nakatatandang kadre at ng sigla at talino ng mga nakababatang kadre, mapangingibabawan ng CPI (Maoist) ang lahat ng pagsubok, magpapatuloy sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at magkakamit ng higit pang tagumpay sa digmang bayan sa India. AB

Operation Gideon's Chariots, pamatay na dagok ng Israel at US sa milyun-milyong Palestino

Sa unang 24 oras ng madugong kampanyang Operation Gideon's Chariots ng US at Israel, 144 Palestino ang agad na napatay sa mga bomba at pag-atake ng tropa nito sa Gaza. Sa sumunod na mga araw, sunud-sunod na inatake ng mga pwersang Israeli ang mga bakwitan at natitirang mga ospital at paaralan para itaboy ang mga Palestino tungo sa mga kulungang inihanda para sa kanila. Daan-daan sa mga napatay ay bata.

Ang Operation Gideon's Chariot, na sinimulan noong Mayo 18, ang pamatay na dagok ng Israel at US sa ngayo'y 18-buwan nang henosidyo at 77-taong brutal na okupasyon nito sa mga teritoryo ng Palestine. Layunin nitong tuwirang sakupin ang buong Gaza at ikulong ang may 1.5 milyong Palestino sa "sentro ng ebakwasyon" sa bahaging timog ng engklabo.

Mula Oktubre 2023, umabot na sa 63,000 Palestino ang direktang pinatay at 118,300 ang nasugatan ng pambobomba at pananalakay ng Israel. Halos kalahati ng mga biktima ay mga bata at kababaihan. Tinatayang daan-daang libo pa ang namatay dahil sa gutom, sakit at kakulangan ng pasilidad medikal. Marami rin ang natabunan na lamang ng gumuhong mga gusali at bahay, na hindi na nakita o nahukay dahil sa walang awat na pananalakay ng Israel.

Paggamit sa pagkain at ayuda bilang armas at negosyo

Umabot na sa antas-sakuna ang kagutuman sa Gaza laluna mula Marso kung kailan absolutong ipinagbawal ng Israel ang pagpasok ng lahat ng klaseng ayuda. Noong Mayo, ibinigay nito ang responsibildiad ng pamamahagi ng pagkain sa Gaza Humanitarian Foundation (GHF), isang pribadong kumpanya na magkatuwang na itinayo ng US at Israel para "gapiin" ang Hamas.

Mariing binatikos ng United Nations ang paggamit ng Israel sa GHF, na anito'y taliwas sa dapat ay pagiging nyutral, imparsyal at independyente ng makataong gawain. Kinundena ng UN at ng maraming bansa at internasyunal na institusyon, ang paggamit ng Israel at US ng ayuda at pagkain bilang armas laban sa mga sibilyan.

Liban sa GHF, ipinasok rin ng Israel ang ibang pribadong kumpanyang Amerikano para umaktong "pwersang panseguridad" sa mga sentro ng distribusyon nito. Kabilang dito ang Safe Reach Solutions, UG Solutions at S.R.S. Security Firm, na lahat pag-aari ng mga dating heneral ng US Army at Central Intelligence Agency. Ang pagpili sa mga kumpanyang ito ay ginawa ng pinakamatataas na upisyal ng Israel, katuwang ang US, nang hindi idinadaan kahit sa kani-kanilang parlamento at kongreso.

Tuluy-tuloy na pandaigdigang mga protesta

Milyun-milyong mamamayan sa buong mundo ang nagkaisang nagprotesta laban sa panibagong bugso ng henosidyo sa Gaza. Panawagan nila ang agaran at permanenteng tigil-putukan sa Gaza at pagtigil ng brutal na pang-aatake at pambobomba ng Zionistang Israel. Itinaon ang mga protesta sa paggunita sa ika-77 anibersaryo ng Nakba o Ang Sakuna, ang unang pagkakataong marahas na pinalayas ng mga Zionista ang mga Palestino mula sa kanilang mga lupa para itatag ang estado ng Israel.

Daan-daang mga pagkilos ang isinagawa sa mga syudad sa Middle East, Europe, Asia, Africa at maging sa loob ng US. Maraming kabataang estudyante sa US ang nangahas na maglunsad ng mga protesta at diskusyon sa mga unibersidad sa gitna ng matinding panggigipit sa kanila.

Sa Pilipinas, nakiisa ang Moro-Chiristian Peoples Alliance (MCPA) sa pandaigdigang panawagan ng agaran at permanenteng tigil putukan sa Gaza.

Ayon kay Amirah Lidasan, pangkalahatang kalihim ng MCPA, "mula nang naputol ang tigil-putukan, ang Zionistang Israel at ang numero uno nitong taga pondo ay walang ipinakitang awa sa mga kapatid na Palestino."

Nananawagan siya sa internasyunal na komunidad na patuloy na himukin ang kanilang mga lider na gumawa ng aksyon laban sa walang patid na pag-aatake ng Israel. "Ang paglaya ng isa ay paglaya ng lahat, lalo na ngayon sa harap ng matinding paglabag sa karapatang-tao, hindi tayo dapat tumigil hangga't hindi nakakalaya ang Palestine," aniya.

Noong Mayo 23, nagsagawa ang grupo ng porum at martsa sa University of the Philippines-Diliman. Nakataon ito sa ika-8 anibersaryo ng pagpataw ni Rodrigo Duterte ng batas militar sa Mindanao at pagdurog sa Marawi City, ang kaisa-isang syudad na Islam sa bansa, noong 2017. AB

